SAN MATEO COUNTY HEALTH
BEHAVIORAL HEALTH
& RECOVERY SERVICES

Quality Management
1950 Alameda de las Pulgas
Suite 157
San Mateo, CA 94403
650-573-3431 T
650-525-1762 F
smchealth.org

**"NOABD Your Rights"**
**" Iyong Mga Karapatan"**

## ANG INYONG MGA KARAPATAN SA ILALIM NG MEDI-CAL

Kung kailangan ninyo ng paunawang ito at/o iba pang mga dokumento mula sa San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services (BHRS) sa isang alternatibong pormat ng komunikasyon gaya ng large font, Braille, o elektronikong pormat, o, kung nais ninyo ng tulong sa pagbasa ng materyales, mangyari lamang na kontakin ang BHRS sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 388-5189.

**KUNG HINDI KAYO SUMASANG-AYON SA DESISYONG GINAWA PARA SA INYONG KALUSUGANG PANGKAISIPAN O PAGGAMOT NG SAKIT SA PAGGAMIT NG SUBSTANSIYA, MAAARI KAYONG MAGHAIN NG ISANG APELA. ANG APELANG ITO AY INIHAHAIN KASAMA NG INYONG PLANO.**

### PAANO MAGHAIN NG ISANG APELA

Mayroon kayong **60 araw** mula sa petsa nitong liham na "Paunawa ng Pagpapasiya ng Salungat na Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination)" upang maghain ng isang apela. Kung kayo **ay kasalukuyang kumukuha ng paggamot at nais ninyong ipagpatuloy ang pagkuha ng paggamot, dapat kayong humingi ng isang apela sa loob ng 10 araw** mula sa petsa ng liham na ito O bago ng petsa na sinasabi sa inyong Plano na hihinto ang mga serbisyo. Dapat ninyong sabihin na nais ninyong magpatuloy sa pagkuha ng paggamot kapag naghain kayo ng apela.

Maaari kayong maghain ng isang apela sa pamamagitan ng telepono o nang nakasulat. Kung maghain kayo ng apela sa pamamagitan ng telepono, dapat ninyong sundan ng nakasulat na nilagdaang apela. Ang Office of Consumer and

Family Affairs (OCFA) ay magkakaloob sa inyo ng libreng tulong kung kailangan ninyo nito.

- Para umapela sa pamamagitan ng telepono: Kontakin ang OCFA sa mga oras ng trabaho sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 388-5189 (8am -5pm). O kung mayroon kang problema sa pagsasalita o pangdinig, maaari mong tawagan ang 711 o ang "California Relay Service" sa (800) 855-7100, sila ay bukas magdamag (24 oras), araw-araw (7beses) sa isang linggo, kung kailangan mo ng tulong.

- Para umapela sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang pormularyo ng apela o sumulat ng liham sa inyong plano at ipadala sa:

  *Office of Consumer & Family Affairs*
  *1950 Alameda de las Pulgas, San Mateo CA 94403*

Ang inyong tagapagkaloob ng serbisyo ay mayroong mga pormularyo sa apela. Ang OCFA ay maaari ring magpadala ng pormularyo sa inyo.

Maaaring kayo mismo ang maghain ng apela. O, maaaring magkaroon kayo ng isang tao na maghahain ng apela para sa inyo gaya ng isang kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, tagapagkaloob ng serbisyo, o abogado. Ang tao na ito ay tinatawag na "awtorisadong kinatawan (authorized representative)." Maaari kayong magpadala ng anumang uri ng impormasyon na nais ninyong ipasuri sa inyong Plano. Ang inyong apela ay susuriin ng ibang tao kaysa sa taong gumawa ng unang desisyon.

Ang inyong BHRS ay mayroong 30 araw para magbigay ng sagot. Sa panahong iyan, tatanggap kayo ng isang liham na "Paunawa ng Resolusyon sa Apela (Notice of Appeal Resolution)." Ang liham na ito ay magsasabi sa inyo kung ano ang naging desisyon ng BHRS. **Kung hindi kayo nakatanggap ng liham na may desisyon ng BHRS sa loob ng 30 araw, maaari kayong humingi ng "Pagdinig ng Estado (State Hearing)" at isang hukom ang magsusuri sa inyong kaso**. Mangyari lamang na basahin ang seksiyon sa ibaba para sa mga tagubilin kung paanong humngi para sa Pagdinig ng Estado.

## MGA PINABILIS NA APELA

Kung sa tingin ninyo ang paghihintay ng 30 araw ay makasasama sa inyong kalusugan, maaari kayong makakuha ng sagot sa loob ng 72 oras. Sa paghahain ng inyong apela, sabihin kung bakit ang paghihintay ay makasasama sa inyong kalusugan. Tiyaking humingi kayo ng isang "**pinabilis na apela (expedited appeal).**"

---

## PAGDINIG NG ESTADO

Kung naghain kayo ng isang apela at tumanggap ng liham na "Paunawa ng Resolusyon sa Apela (Notice of Appeal Resolution)" na nagsasabi sa inyo na ang inyong Plano ay hindi pa rin magkakaloob ng mga serbisyo, o **hindi kayo kailanmang nakatanggap ng liham na nagsasabi sa inyo ng desisyon at nakalampas na ang 30 araw,** maaari kayong humingi para sa isang "Pagdinig ng Estado (State Hearing)" at isang hukom ang magsusuri sa inyong kaso. Hindi ninyo kinakailangang magbayad para sa Pagdinig ng Estado.

Dapat kayong humingi para sa isang Pagdinig ng Estado sa loob ng **120 araw** mula sa petsa ng liham na "Paunawa ng Resolusyon sa Apela (Notice of Appeal Resolution)." Maaari kayong humingi para sa isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono, elektonikong paraan, o nang nakasulat:

- Sa Telepono: Tumawag sa **1-800-952-5253**. Kung hindi kayo makapagsalita o makarinig nang mabuti, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-952-8349**.

- Elektroniko: Maaari kayong humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa online. Mangyaring bumisita sa website ng California Department of Social Services upang makumpleto ang elektronikong pormularyo: https://secure.dss.cahwnet.gov/shd/pubintake/cdss-request.aspx

- Nang nakasulat: Punan ang pormularyo ng Pagdinig sa Estado o magpadala ng liham sa:

**California Department of Social Services**
**State Hearings Division**
**P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37**
**Sacramento, CA 94244-2430**

Tiyaking isama ang inyong pangalan, tirahan, numero ng telepono, Petsa ng Kapanganakan, at ang dahilan kung bakit ninyo nais ng isang Pagdinig ng Estado. Kung ang isang tao ay tumutulong sa inyong humingi para sa isang Pagdinig ng Estado, isama ang kanyang pangalan, tirahan, at numero ng telepono sa pormularyo o liham. Kung kailangan ninyo ng isang interpreter, sabihin sa amin kung anong wika ang inyong sinasalita, Hindi ninyo kakailanganing magbayad para sa isang interpreter. Bibigyan namin kayo nito.

.
Pagkaraang humingi para sa isang Pagdinig ng Estado, maaaring tumagal hanggang 90 araw upang magkaroon ng desisyon sa inyong kaso at ipadala sa inyo ang sagot. Kung sa tingin ninyo na ang ganoong kahaba ng paghihintay ay makasasama sa inyong kalusugan, maaari kayong makakuha ng sagot sa loob ng 3 araw ng trabaho. Maaaring nais ninyong hilingin sa inyong tagapagkaloob ng serbisyo o Plano na sumulat para sa inyo, o maaaring kayo na mismo ang sumulat. Ang sulat ay dapat ipaliwanag ng detalyado kung bakit ang paghihintay ng hanggang sa 90 araw para mabigyan ng desisyon ang inyong kaso ay malubhang makakapinsala sa inyong buhay, sa inyong kalusugan, o sa inyong kakayahan na makamit, mapanatili o mabawi ang inyong sukdulang pagganap ng gawain. Kung gayon, humingi para sa isang **“pinabilis na pagdinig (expedited hearing)”** at ibigay ang sulat na kasama ang inyong kahilingan para sa pagdinig.

## Awtorisadong Kinatawan

Maaari kayong magsalita para sa inyong sarili sa Pagdinig ng Estado (State Hearing), o ang sinuman tulad ng isang kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, tagapagkaloob ng serbisyo, o abogado ay maaaring magsalita para sa inyo. Kung nais ninyo ng isa pang tao na magsalita para sa inyo, dapat ninyong sabihin sa tanggapan ng Pagdinig ng Estado na ang tao ay pinapahintulutan na magsalita para sa inyo. Ang tao na ito ay tinatawag na “awtorisadong kinatawan (authorized representative).”

## LEGAL NA TULONG

Maaari kayong kumuha ng libreng legal na tulong. Maaari rin kayong tumawag sa lokal na programa ng Legal Aid sa inyong county sa 1-888-804-3536.